タガログ語版／Tagalog

# Gifu Prefecture Public Relations
# Balita mula sa Prepektura ng Gifu

●Populasyon sa Prepektura
**2,005,933** (Nabawasan ng 1,535 katao)
Lalaki: 972,199 (Nabawasan ng 765 katao)
Babae: 1,033,734 (Nabawasan ng 770 katao)
※Marso 1, 2018 hanggang sa kasalukuyan.
※Inihambing sa ( ) ng nakaraang buwan.
Para sa bagong impormasyon, tignan ang homepage ng Gifu Prefectural Statistics Division

**Facebook「清流の国ぎふ」**
**Kasalukuyang makikita sa Minamo Dayori!!**
岐阜県 ミナモだより hanapin

**Prefectural Government Public Relations TV Program**
**「Gifu Prefecture Government Hotline」- Televise**
**(Palabas) Huwebes 18:53 ~ 18:57**
**(Replay) Martes 21:54 ~ 21:58**

Ang「Balita mula sa Prepektura ng Gifu」ay pinapalabas din sa ***Gifu Chan*** (Channel 8) !

Pindutin ang **"d" button** para makuha ang lokal na impormasyon!


**Hunyo, 2018**

## Highlights para sa Buwang Ito

**Espesyal na Eksibisyon:**

### *Kanesada*- mga Ekspertong Panday ng Seki, City of Swords

Ang lunsod ng Seki ay nakahubog ng madaming panday. Pinaka kilala rito si Izuminokami Kanesada, na siyang pokus ng eksibisyon. Mula pa noong panahon ng Sengoku, ang mga panday ng Seki ay kilala sa kanilang bukod- tanging kahusayan sa paggawa ng mga espada at nakakatanggap sila ng mga imbitasyon mula sa bawat rehyon ng bansa. Ang angkan ng Kanesada ay tumanggap at lumipat sa Aizu (sa Prepektura ng Fukushima) noong kalagitnaan ng ika-16 na siglo, at 11 pang henerasyon ng mga panday ang nagpatuloy sa ilalim ng pangalan ng Kanesada hanggang sa panahon ng Meiji.



Mula sa isang pribadong koleksyon. Lagda: *Nōshū-Seki sumi no Sada*. Nakatsugawa-shi, Tangible Cultural Property. (Larawan: Nakamura Kei)

Ito ang unang pagkakataon na ang mga espadang Kanesada, mga yamang pinag- iingatan ng mga matapang at kilalang tao ng kasaysayan, ay tinipon at ipapakita sa Seki, ang lungsod ng mga espada.

◆**Petsa :** hanggang Hunyo 24 (Linggo)
◆**Lugar :** Gifu Prefectural Museum
(Seki-shi Oyana1989)
◆**Bayad :** Ordinaryo ¥600, Kolehiyo ¥300, Senior HS pababa ay LIBRE
◆**Para sa Katanungan:** Gifu Prefectural Museum
☎0575-28-3111 (sa wikang Hapon lamang)
FAX: 0575-28-3110
◆**Hanaping Salita:** 岐阜県博物館　兼定

## Halina sa Gifu-Toyama Exchange Bus Tour!

Upang gunitain ang "Toyama-Gifu Exchange Day" sa Hulyo 5, magkakaroon ng mga day trip bus tours upang maranasan ang alindog ng Toyama Prefecture. Sa taong ito, bibisitahin ang Toyama Prefectural Itai-itai Disease Museum at sa Trout Sushi Museum.



Toyama Prefectural Itai-itai Disease Museum

◆**Petsa:** ①Toyama Course (bus boarding sa Gifu Prefectural Government Building at Chuno General Government Building): Hulyo 13 (Biy.)
②Toyama-Takaoka Course (bus boarding sa Kamo General Government Building): Agosto 1 (Miy.)
◆**Kapasidad:** 40 katao (minimum ng 20 katao; bunutan kung madami. Para sa ②Course, prioridad pipiliin ang may kasamang bata na elementary pataas)
◆**Bayad:** ①¥2,160;
②¥2,620 (¥2,120 sa elementarya pababa)
◆**Paraan ng Aplikasyon:** Isulat ang napiling course, address, bilang ng lalahok, buong pangalan ng mga lalahok at edad (para sa mga bata, ilagay kung anong school grade), telepono at isumite sa pamamagitan ng email, fax o return-paid postcard.
◆**Deadline ng Aplikasyon:** postmarked hanggang Hunyo 18 (Lunes)
◆ **Para sa Aplikasyon at Katanungan:** Noritake Corporation, Ltd. Blue Line Bus Minokamo Office
☎0574-28-5260 (sa wikang Hapon lamang)
FAX: 0574-28-5261
✉blb@noritake-corp.com
〒505-0037 1-66 Maehira-cho, Minokamo-shi
Weekdays, 8:30 to 17:30 (sarado ng Sabado, Linggo at piyesta opisyal)
◆**Hanaping Salita:** ぎふ富山交流バスツアー

# Kahon ng Impormasyon

**Impormasyon Mangyaring tiyakin na ang Address sa inyong Disability Certificate ay Updated**

Mangyaring ayusin at i-update sa division- in- charge ng iyong munisipyo kung ang inyong pangalan o tirahan ay nabago mula sa nakasulat sa inyong Physical o Mental Disability Certificate. Kung hindi updated, maaaring hindi posible na ikonekta ang iyong mga detalye sa ilalim ng bagong information sharing system ng “My Number”.

●**Para sa Katanungan:** Disability Welfare Division ☎058-272-8314 (sa wikang Hapon lamang) FAX: 058-278-2643
Public Health and Medical Treatment Division ☎058-272-8275 (sa wikang Hapon lamang) FAX: 058-278-2624

**Eksaminasyon Real Estate Broker Licensing Exam**

●**Petsa ng Eksaminasyon:** Oktubre 21 (Linggo)
●**Lokasyon ng Eksaminasyon:** Pagpapasyahan pagkatapos ng aplikasyon
●**Application form:** Makukuha sa Gifu Real Estate Transaction Association, Architecture Guidance Division, Prefectural Regional Branch Offices, at itinalagang mga bookstores. Ang mga form ay maaari ring makuha sa website ng Real Estate Transaction Improvement Organization.
●**Pagtanggap ng Aplikasyon:** sa pamamagitan ng koreo: postmarked Hulyo 2 (Lunes) hanggang 31 (Martes)
Website: Hulyo 2 (Lunes) hanggang 17 (Martes)
●**Para sa Katanungan:** Architecture Guidance Division ☎058-272-8680 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
●**Hanaping Salita:** 適取宅建試験

**Impormasyon Muling pagbubukas ng Hakusan Shirakawa-go White Road**

Ang Hakusan Shirakawa-go White Road, isang toll road sa mga bundok na kumokonekta sa Shirakawa-mura at Hakusan-shi ng Ishikawa Prefecture, ay muling magbubukas pagkatapos ng pagsara noong taglamig. Tamasahin ang magandang tanawin, mga niyebe at bagong sibol na halaman, at mga waterfalls sa ruta habang nagmamaneho.

●**Petsa:** muling magbubukas sa Hunyo 15 (Biyernes) ※depende sa bilis ng paglinis ng niyebe
●**Lugar:** Hakusan Shirakawa-go White Road (Ono-gun, Shirakawa-mura)
●**Bayad:** Maliliit na sasakyan (*kei-jidōsha*): ¥1,400, regular na sasakyan: ¥1,600
●**Para sa Katanungan:** Prefectural Forestry Corporation Takayama Branch Office
☎0577-33-1111 (tumutugon sa wikang Hapon lamang) FAX 0577-35-2540
●**Hanaping Salita:** ホワイトロード

**Pangangalap Subsidyo para sa Energy Efficient Building Konstruksyon sa Gifu**

Makakakuha ng subsidiyong umaabot hanggang ¥400,000 ang mga kontraktor kung tumutugon sa 2016 energy efficiency standards ang ginawang bagong gusali o renovated na kahoy na bahay. ※Kailangan mag- apply

●**Limitadong Subsidiyo Para Sa:** 250 katao (pipiliin by raffle)
●**Paraan ng Aplikasyon:** I-download ang application form mula sa website at isumite ito gamit ng koreo o in person
●**Deadline ng Aplikasyon:** postmarked hanggang Oktubre 15 (Lunes)
●**Para sa Aplikasyon at Katanungan:** Housing Policy Division ☎058-272-8693 (wikang Hapon lamang)
●**Hanaping Salita:** ぎふ省エネ住宅建設支援事業費補助金

**Konsultasyon Libreng Konsultasyon sa Abogado, Gaganapin**

●**Petsa:** Hunyo 6 (Miyerkules) at 20 (Miyerkules), 13:00- 15:50 sa parehong araw
●**Lugar:** Prefectural Residents’ Life Consultation Center, OKB Fureai Hall (Gifu-shi)
●**Paraan ng Konsultasyon:** panayam (1 tao /20 minutos), 8 katao bawat araw (first come, first served)
※Tumatanggap ng reserbasyon 2 araw bago ang petsa ng konsultasyon
●**Para sa Aplikasyon at Katanungan:** Prefectural Residents’ Life Consultation Center
☎ 058-277-1001 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
**Hanaping Salita:** 岐阜県　面接法律相談

**Impormasyon** **Paano Manatiling Ligtas sa Panahon ng Pagbaha at Landslides**

Habang papalapit ang panahon ng malakas na pag-ulan, mahalaga na maging handa upang manatiling ligtas kapag nangyari ang pagbaha at pagguho ng lupa. Siguraduhing alam kung paano makatipon ng impormasyon tungkol sa mga pag-ulan at water level sa ilog, pagguho ng lupa, mga ruta ng paglisan, at ang iyong pinakamalapit na itinakdang emergency shelter. Bukod dito, kung may panganib sa matinding pag-ulan o malapit na bagyo, mangyaring bigyang pansin ang mga rekomendasyon ng evacuation mula sa iyong munisipyo at lumikas ng maaga.

●**Mga nauugnay na website:**

「岐阜県川の防災情報」 (Gifu River Disaster Prevention Information)

「ぎふ川と道のアラームメール」(Gifu Alarm Mail for Rivers and Roads)

「ぎふ山と川の危険個所マップ」(Gifu Mountains and Rivers Danger Zones Map)

「ぎふ土砂災害警戒情報ポータル」(Gifu Landslide Disaster Warning Information Portal)

●**Para sa Katanungan:** Disaster Prevention Division ☎ 058-272-1132 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

**Ang impormasyong ito ay ayon sa kasalukuyan, Abril 27, 2018.**

**Para sa mga katanungan ukol sa pahinang ito, makipag- ugnayan sa Gifu Ken Public Relations Division**

☎058-272-1111（Dir. Lin.）（wikang Hapon lamang） FAX 058-278-2506

Sa pakikipagtulungan ng Gifu International Center　http://www.gic.or.jp/